



## *Buong Teksto*

### **ALAMAT NG PUTO-BUMBONG**

#### Isang Kuwentong Pampasko

Ang kuwento natin ngayon, “Alamat ng Puto-bumbong”, mula sa librong, *12 Kuwentong Pamasko* na inilathala ng Tahanan Books, isinulat ni Rene O. Villanueva at babasahin para sa atin ni Quiel Quiwa.

Mamerta. Kilala siya sa pangalang iyon, pero tuwing bibigkasin ng lahat ng kababayan, bata o matanda man, ang kanyang pangalan, mabilis na isinusunod agad ang pabulong na bansag sa kanya ng lahat: "Tanga."

"Mamertang Tanga" ang lihim na tawag sa kanya ng buong baryo. Hindi rin iyon bansag ng pag-aglahi. Katunayan, napakapit sa kanya ang ganoong pangalan sa labis na awa sa kanya ng lahat, at sa pagnanais ng mga karayom na mahango siya sa matinding hirap mula sa kamay ng kanyang mga kamag-anak.

Matagal na kasing nagpapakasakit si Mamerta sa kamay ng kanyang mga kaanak. Sapul nang maulila siya sa magulang at kupkupin ng lolo't Iola sa ama, halos si Mamerta ang nagtaguyod-nagpapakain at kung ano-ano pa-sa mga kaanak na nakikipisan sa tahanan ng nyang abuwelo.

Pagtitinda ng puto ang pinagkakakitaan ni Mamerta, ang gawaing natutuhan niya mula sa ina bago namayapa. Sa pagtitinda ng puto, naitawid niya sa gutom lahat ng kaanak. Naibsan lamang ang bigat ng kanyang responsibilidad nang sunod-sunod na pumanaw ang kanyang mga kupkop na, sa kabutihang palad, ay pawang mahina ang resistensya sa hika.

Sunod-sunod na natigok ang kanyang matatandang tiyo, tiya, pamangkin, pinsan, pati ang pinakamamahal niyang lolo at lola. Pagkaraan ng susun-susong pagluluksa, nailibing din ni Mamerra ang kahuli-hulihang pabigat na kadugo. Habang tinatabunan ng lupa ang kabaong ng kanyang pangwakas na pagpapakasakit, mahabang

buntung-hininga ang hinugot ni Mamerta mula sa kanyang dibdib, tanda ng paglaya at simula ng bagong yugto ng kanyang buhay.

May ngiti sa labing sinalubong ni Mamerta ang buwan ng Disyembre, gaya ng lahat ng magpuputong tagaroon. Na ta tanging buwan para sa kanila, Disyembre.

Tuwing Disyembre hinihirang ang "Magpuputo ng Taon." Sinomang manalo, may karapatang magtinda ng nagwaging puto sa patyo ng simbahan. Sabihin ubod ng higpit ang kompetisyon. Ginagawa ng lahat ang kahit ano matiyak lamang na siya ang magiging Kampeyon ng Magpuputo!

Unang araw pa lamang ng Disyembre, maga na ang tuhod ni Mamerta sa paglalakad paluhod. Nagno-nobena siya upang maging "Magpuputo Numero Uno." Kasabay ng walang puknat ang pagtawag sa Diyos, pinaghahandaang mabuti ni Mamerta ang patimpalak.

Ilang ulit na niyang pinilian ang bigas na malagkit. Itinabi at nilinis niya ang lahat ng mga gagmaiting kasangkapan: ang palanggana, talyasi, pati ang mga panggatong sa kalan.

Pero isang araw bago ang patimpalak, nabiktima si Mamerta ng maanghang na biro ng mga kakumpitensya. Nawawala ang lahat ng kailangan niya para sa pagluluto ng puto!

Halos mapaiyak siya sa pagkataranta. Hindi malaman kung ano ang gagawain.

Tulirong-tuliro si Mamerta nang masalubong ang isang batang nakapelus sa ibaba ng hagdan. Natitiyak niyang ngaoyng lamang niya nakita ang batang iyon. Balak niya hindi tagaroon ang paslit. Paano'y halos dilaw ang kulay ng buhok at mangasul-ngasul ang dalawang mata. Bago pa makapag-isip na mabuti, tinanong siya ng bata kung ano ang nangyari. Nang ipagtapat ni Mamerta ang problema, ngumiti lamang ang totoy at sinabing, "Gumawa ka na lang ng paraan."

Hindi matiyak ni Mamerta kung dahil sa sinabi ng bata o dahil sa mahigpit na kagustuhan niyang lumahok sa timpalak. Kaya pinilit niya ang sarili na huwag mataranta upang makapag-isip ng nararapat gawin habang palapit nang palapit ang oras ng paligsahan.

Ano ang gagamitin niyang bigas? At naalala niyang may naitabi siyang pirurutong mula sa nakaraang ani. Iyon ang bigas na kulay ube; hindi ginagamit sa paggawa ng puto.

"Bahala na," sabi ni Mamerta sa sarili. Dahil sa pagkukumahog, kailangan niyang maging mapangahas. Ang pirurutong ay hinaluan niya ng malagkit at sa halip na gilingin nang husto, bahagya lamang niya itong dinurog ang mga butil sa gilingang-bato.

Ang sumunod niyang problema'y saan lulutuin ang puto. Nakita niya ang bata habang tuwang-tuwang nagpapaputok ng kanyong kawayan sa bakuran. Nang lapitan siya ni Mamerta at hingan ng payo kung saan lulutuin ang kanyang puto, walang ano mang sinabi ng bata, "Subukan mo sa bumbong."

At naalala ni Mamerta ang kuwento ng kanyang ama. Noong araw daw, bago pa dumating ang mga santo at kura, bumbong na kawayan ang gamit sa pagsasaing.

Dali-daling nagpunta sa kawayanan si Mamerta. Pumili siya ng maliit na bumbong na pagsasaingan ng puto. Binutasan niya ang bumbong. Tapos ay dumulog sa mga latero, nakiusap na igawa siya ng saingang angkop na isalangan ng mga bumbong.

Hindi nagtagal ang mga latero sa paggawa ng isang pambihirang saingan para sa bumbong na kawayan. Ngunit nang maluto ang sinaing, ang problema ni Mamerta'y paano itataktak ang kanyang bagong hangong "puto."

Kinindatan si Mamerta ng bata saka iniabot sa kanya ang isang piraso ng kinayas na kawayan. "Sundutin mo na lang sa butas," sabi ng bata. At sinundot nga ni Mamerta ang puto na dumausdos mula sa kawayang bumbong. At lumatag sa dahon ng saging na kanina pa niya isinalab sa apoy.

Pero halos manlata si Mamerta nang tikman niya ang kanyang "putong hindi mukhang puto." Saksakan ng tabang! Napaigok si Mamerta. Naisip niyang magkudkod ng niyog at ibudbod iyon sa ibabaw ng puto niyang walang kalasa-lasa at pagkaraa'y budburan ng kaunting asukal.

Mugto pa ang mata ni Mamerta nang ipahayag ng kura ang mga nagwagi sa timpalak. Wala siyang kapagapag-asang mananalo. Matay man niyang tingnan ang kanyang inilahok na puto, malayong-malayo ang anyo at lasa niyon sa lahat ng kalaban.

"Ang nanalo ay ang ... puto ni Mamerta!"

Napalundag sa tuwa ang ulila! Napahiyaw sa saya ang lahat. Mabilis na hinanap ni Mamerta ang batang nakapelus para pasalamatán pero hindi niya nakita ang paslit sa karamihan ng mga kanayong nagkagulo sa pagtikim sa kanyang pambihirang puto.

Unang misa ng Simbang Gabi. Handang-handa na si Mamerta sa patyo ng simbahan, sa pondahang inilaan sa kanya ng kura para doon iluto at itinda ang hinihintay ang lahat. Ang Puto ng Taon. Ang Puto NUmero Uno! Ang Puti ni Mamerta!

Bago magluto si Mamerta, pumasok muna siya sa simbahan para muling magpasalamat sa langit. Muling naglakad paluhod ang martir na ulilang may ginintuang puso. Taimtim na nagdasal. Buong kababang-loob na nagpasalamat at nagbigay puri sa Diyos sa kapalarang naitamo. Pagtingala niya, napako ang tingin sa rebulto ng Sagrada Familia sa may altar. Naroon ang totoy na hinahanap niya para pasalamatán! Nakangiti sa kanya ang dalawang asul na mata. Nakasuot ang pelus na damit, nasa pagitan nina Birheng Maria at San Jose. Ang batang iyon! Iyong ang batang tumulong sa kanya na maimbento ang puto na kilala ngayon ng lahat bilang “puto-bumbong”.

\*\*\*

Pinagkuhanan: Rene O. Villanueva, *A Child's Treasury of Philippine Christmas Stories*. Ilaw ng Tahanan Publishing Inc.

Kung nais mong makakuha ng copia ng istoryang ito, maaring umorder sa [www.tahananbooks.ph](http://www.tahananbooks.ph).

Hanggang sa susunod na istorya!

## Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

### *Sa Ingles*

The Monkey and the Turtle  
Sun and Moon  
Sagacious Marcela  
The Story of our Fingers  
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck  
The Lost Neck  
Why Cocks have Combs on their Head

### *Sa Filipino*

Ang Pagong at ang Matsing  
Ang mga Paglalakbay ni Juan  
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)  
Ang Unang Unggoy  
Ang Alamat ng Palay  
Ang Pinagmulan ng Lamok  
Kung Paano Yumaman si Jackyo  
Ang Anting-anting ni Manuelito  
Ang Gamugamo at Ang Liwanag

### *Mga Kuwentong Pampasko:*

The Poor Man who Became King  
The Sultan with a Heart of Stone  
Buking si Santa  
Istattriray: Ang Bituing may Buntot  
Alamat ng Puto-Bumbong  
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

*Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito!*

## **PAGKILALA**

### **Areté**

Ma. Mercedes Rodrigo

Ricardo Abad

*Executive Producers*

D Cortezano

*Producer*

John Robert Yam

*Overall Sound Designer*

Harold André Santos

*Theme Music Composer*

Jose Antonio P. Salvador

*Musical Scorer and Instrumentalist*

D Cortezano

*Episode Sound Designer*

**Sandaang Salaysay:** Alamat ng Puto-Bumbong

John Robert Yam  
Nilo Beriarmente

*Sound Engineers*

Ivy Baggao

*Talent Coordinator and  
Production Associate*

Jethro Nibaten  
Rey Sotto  
Duane Ligot  
Ralph Joseph Adarlo  
Carlos Hombrebueno  
Adriane Ungriano

*Sound Design and Technical Team*

Arielle Acosta  
Vannessa Reventar

*Logistical Support*

Ross Du

*Illustrator*

Arielle Acosta  
Lazir Caluya

*Brand Developers*

Dreamlist Digital

*Web developers*

Quiel Quiwa

*Voice Actor for this episode*

## **Ateneo de Manila Basic Education**

### **Ateneo Grade School**

Fr. Emerito Salustiano R. de la Rama, SJ.

*Headmaster*

Pacita E. Hosaka

*Assistant Headmaster for Academic Affairs*

### **Ateneo Junior High School**

Jose Antonio P. Salvador

*Principal*

Genalyn S. Sanvictores

*Assistant Principal for Academic Affairs*

Paolo Ven B. Paculan

*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*

Kristine Ann P. Valdellon

*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

**Ateneo Senior High School**

Ma. Victoria P. Dimalanta

*Principal*

Luis Allan B. Melosantos

*Assistant Principal for Academic Affairs*